



MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-5 ng Abril, 2021

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

MAGBUBUKAS ANG MGA LUGAR NG BOTOHAN BUKAS PARA SA ELEKSYON NG DISTRITO NG IKA-79 NA ASEMBLEYA

Bukas ay ang huling araw upang botohan ang inyong balota sa Espesyal na Eleksyon ng Distrito ng Ika-79 na Asembleya ng Estado. Ang [opisina ng Tagapagrehistro](#) at inyong itinalagang lugar ng botohan ay magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi sa Araw ng Eleksyon, Ika-6 ng Abril.

Ang mga nakatira lamang sa Distrito ng Ika-79 na Asembleya ang maaaring bumoto sa eleksyon. Ang area ay kinabibilangan ng southeastern San Diego, mga lungsod ng La Mesa at Lemon Grove, at mga bahagi ng Chula Vista, Bonita, at National City. Hindi sigurado kung kayo ay nakatira sa Distrito ng Ika-79 na Asembleya? Maaari ninyong malaman [dito](#).

Para bumoto nang in person, [maging handa](#).

- Pumunta sa inyong itinalagang lugar ng botohan. Ang lokasyon ay nakalista sa inyong pakete ng balotang pangkoreo o maaari ninyong malaman ito [online](#).
- Suotin ang inyong face mask at panatilihin ang social distance. Kung nakalimutan ninyo ang inyong mask, bibigyan kayo ng mga manggagawa sa botohan nang isa. Ang mga botanteng hindi kaya o hindi nais magsuot ng isang facial covering o mask ay aasistihan sa labas habang naka-social distance at maaaring makaboto sa labas.
- Sundin ang lahat ng mga instruksyon na ibinibigay ng mga manggagawa sa botohan.

Sa eleksyong ito, ang lahat ng in-person na mga botante ay mamarkahan ang kanilang balota sa isang [ballot marking device](#). Ang device na ito ay hindi nagtatago, nagtatala o nagbibilang ng anumang mga boto. Pagkatapos kumpirmahin ng botante ang kanilang seleksyon sa device, ipi-print ng botante ang kanilang balota, maaaring suriin ito, at ilagay ito sa loob ng kahon ng balota para mabilang sa opisina ng Tagapagrehistro sa gabi ng eleksyon.



MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-5 ng Abril, 2021

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay sumusunod sa mga public health order ng County at nagtakda ng mga protocol para masiguro ang kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa sa eleksyon, mga botante at mga observer sa opisina ng Tagapagrehistro, mga lugar ng botohan at mga mail ballot drop-off location. Kasama dito:

- Hand sanitizer pagpasok at paglabas ng pasilidad
- Mga mask at gloves
- Mga Plexiglass barrier at floor marker para masiguro ang social distancing
- Natukoy na path of travel sa buong pasilidad
- Regular na paglilinis/pag-disinfect ng mga kadalasang nahahawakang mga bagay at surface
- Mga manggagawa sa botohan na nakasuot ng mga gloves, mask at sa ibang pagkakataon, face shield
- Mga manggagawa sa botohan na dumadaan sa isang temperature screening bago ang kanilang shift

Tandaan na ang [pangangampanya o electioneering](#) sa loob ng 100 feet ng isang lugar ng botohan o mail ballot drop-off location ay hindi pinapahintulutan. Kasama dito ang mga nakikitang display o naririnig na pinapakalat na impormasyon na nagtataguyod sa o laban sa sinumang kandidato o panukala sa balota.

Kailangan niyo pa bang ibalik ang inyong balotang pangkoreo? May oras pa. Siguraduhing pirmahan at petsahan ang inyong sobrang pagbabalik, i-seal ang inyong nakumpletong balota sa loob at ibalik ito sa isang [mail ballot drop-off location](#), sa [isang lugar ng botohan](#), o sa opisina ng Tagapagrehistro. Kung ida-drop off ninyo ang inyong balotang pangkoreo ito ay dapat matanggap sa o bago ang ika-8 ng gabi.

Para dagdagan ang kaalaman tungkol sa [Bumoto Nang Mas Ligtas San Diego](#) at pagboto sa Espesyal na Eleksyon ng Distrito ng Ika-79 na Asembleya ng Estado, bisitahin ang [sdvote.com](#) o tumawag sa (858) 565-5800.

###

COUNTYNEWSCENTER

